# Mga Instruksiyon para sa Petisyon para sa Extreme Risk Protection Order (Utos ng Proteksyon sa Matinding Panganib)

Ang Extreme Risk Protection Order (Utos ng Proteksyon sa Matinding Panganib) ay dinisenyo upang pigilan ang mga indibidwal na may mataas na panganib ng pananakit sa kaniyang sarili o sa iba mula sa pag-access ng mga baril sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa kaniyang karelasyon, pamilya, miyembro ng sambahayan, at tagapagpatupad ng batas na kumuha ng utos ng korte kapag mayroong ipinakitang ebidensya na ang taong iyon ay naghaharap ng malaking panganib, kasama ang panganib na resulta ng nagbabanta o marahas na paggawi.

Ang ganitong uri ng utos ay hindi nagbibigay ng proteksyon sa petisyonaryo. Hindi nito maipag-uutos ang mga pagpigil laban sa nasasakdal gaya ng "huwag saktan," "lumayo," at "huwag makipag-ugnayan" sa petisyonaryo.

Maipag-uutos ng korte na isuko ng nasasakdal ang mga baril at anumang lisensya ng nakatagong baril, at na hindi dapat magtaglay o bumili ng mga baril ang nasasakdal.

Kung ang nasasakdal ay wala pang 18 taong gulang, gamitin ang form na "Petisyon para sa Extreme Risk Protection Order (Utos ng Proteksyon sa Matinding Panganib) – Nasasakdal na Wala Pang 18 Taong Gulang."

Ginagamit ang form na ito para pasimulan ang kaso. Ang form na ito ay:

- Isusumite bilang pampublikong rekord ng korte at magpapasimula ng sibil na kaso sa korte.
- Isinilbi (personal na paghahatid) sa tao na laban sa kaniya ay hinihingi mo ang utos.

Ang impormasyon sa petisyon ay ginagamit ng korte para mapagpasiyahan kung:

- Awtorisado kang magsumite ng ganitong uri ng petisyon.
- Ang korte ay may awtoridad na maglagay ng utos sa ngalan mo.
- Ang paggawi ng nasasakdal ay nakakatugon sa mga legal na kahilingan upang ipagkaloob ng korte ang utos.

Ginagamit ang form na ito para humiling ng parehong agarang pansamantalang utos at buong utos.

- Kung mayroon kang mga patunay para suportahan ang mga ikinakatakot mo, at mapagpasiyahan ng korte na umiiral nga ang emergency, maaaring maglabas agad ng pansamantalang utos ang korte na tatagal hanggang sa magsagawa ng pagdinig ang korte, kadalasang sa loob ng 14 na araw.
    - Ipapasa ng klerk ang kopya ng petisyon at pansamantalang utos sa tagapagpatupad ng batas na maghahain sa nasasakdal.
- Walang babayaran.
    - Dapat kang magbigay ng address para sa nasasakdal.

- Pagkatapos kumpletuhin ang pagsisilbi sa nasasakdal, ang opisyal na tagapagpatupad ng batas ay dapat magsumite ng sinumpaang pahayag, deklarasyon, o katibayan ng paghahain sa korte o hindi susulong ang pagdinig.
- Dapat kang dumalo sa pagdinig. Sa pagdinig, pagpapasiyahan ng korte kung dapat ba itong magbigay ng buong utos. Ang nasasakdal ay may karapatang dumalo sa pagdinig na iyon at ipagtanggol ang kaniyang sarili laban sa iyong mga alegasyon.

## Mangyaring I-print nang Malinaw Gamit ang Itim o Asul na Tinta!

### Itaas ng form

Punan ang iyong pangalan (unang pangalan, inisyal ng panggitnang apelyido, apelyido) bilang "Petisyonaryo." Tinatawag na "Nasasakdal" ang tao na laban sa kaniya ay nagsusumite ka ng petisyon. Punan ang pangalan ng nasasakdal (unang pangalan, inisyal ng panggitnang apelyido, apelyido).

### Sino ang Nagsusumite ng Kasong ito (Seksyon 1)

Dapat malaman ng korte kung sino ang nagsusumite ng kasong ito.

- Kung isa kang opisyal na tagapagpatupad ng batas, lagyan ng tsek ang unang kahon at tukuyin ang ahensya. Lagyan din ng tsek ang naaangkop na kahon tungkol sa abisong ibinigay mo, o susubukan mong ibigay, sa karelasyon, miyembro ng pamilya o sambahayan ng nasasakdal, o sa sinumang kilalang ikatlong partido na maaaring nanganganib.
- Kung ikaw ay karelasyon o miyembro ng pamilya o sambahayan, lagyan ng tsek ang ikalawang kahon at lagyan din ng tsek ang kahong tumutukoy sa iyong relasyon sa nasasakdal.

### Paninirahan (Seksyon 2)

Lagyan ng tsek ang naaangkop na mga/kahon.

### Mga Baril (Seksyon 3)

Kailangang malaman ng korte ang uri at lokasyon ng anumang baril na kasalukuyang pagmamay-ari, tinataglay, nasa kustodiya, naa-access, o nakokontrol ng nasasakdal. Sa seksyon 3, suriin ang uri ng baril, ilista ang bilang ng bawat uri, kung saan itinatago ang mga baril, at ang petsa, oras, at lugar kung saan mo huling nakita ang mga ito. Puwede mong gamitin ang *Worksheet para sa Pagkakakilanlan ng Baril*, form XR 102, upang makatulong sa pagtukoy ng mga uri ng mga baril. Maaari mong ilakip ang *Worksheet para sa Pagkakakilanlan ng Baril* sa iyong petisyon.

Sa seksyon 3, lagyan ng tsek ang mga kahon na naaangkop at isulat ang mga bagay na nagpapaliwanag sa mga kahon na nilagyan mo ng tsek.

## Mga Kaso sa Korte na Nagsasangkot sa Iyo (Seksyon 4)

Maaaring hindi ito ang unang paglilitis sa korte na nagsasangkot sa iyo at sa nasasakdal. Kakailanganing malaman ng korte ang tungkol sa ibang kaso, gaya ng diborsyo, pagiging magulang, o kriminal, o iba pang utos ng pagpigil, utos ng proteksyon, o utos na nagbabawal sa pakikipag-ugnayan.

Kung mayroon pang ibang kaso o utos ng korte na nagsasangkot sa iyo at sa nasasakdal, ilista ang pangalan ng kaso (ang pangalan ng mga partido), ang bilang o numero ng kaso (kung alam mo ito), ang korte (pandistrito, munisipal, o nakatataas) at ang county, uri ng kaso, pangalan ng pinoprotektahang tao, at anumang oras na nilabag ng nasasakdal ang utos.

## Mga Kaso sa Korte na Nagsasangkot ng Iba (Seksyon 5)

Dapat malaman ng korte ang tungkol sa anumang iba pang kaso sa korte sa pagitan ng nasasakdal at ng sinumang iba pang tao. Sa abot ng iyong kaalaman, ilista ang anumang kriminal o sibil na demanda; mga utos ng proteksyon, pagpigil, pagbabawal sa pakikipag-ugnayan.

## Kahilingan para sa Utos na Pang-emergency (Seksyon 6)

Maaaring natatakot ka na **sa malapit na hinaharap**, maghaharap ang nasasakdal ng **malaking panganib** na magdudulot ng personal na pinsala sa iba o sa kaniyang sarili, sa pamamagitan ng paggamit ng mga baril. Puwede mong hilingin sa korte na pansamantalang paghigpitan ang karapatan ng nasasakdal sa mga baril, hanggang sa ganapin ang pagdinig sa korte.

Lagyan ng tsek ang kahon at ilarawan ang mga bagay na sumusuporta sa mga kinatatakutan mo.

## Kahilingan para sa Extreme Risk Protection Order (Utos ng Proteksyon sa Matinding Panganib) (Seksyon 7)

Lagyan ng tsek ang kahon na ito para hilingin sa korte na magbigay ng buong Extreme Risk Protection Order (Utos ng Proteksyon sa Matinding Panganib) na tatagal ng isang taon.

## Pahayag (Seksyon 8)

Basahin muna ang seksyon ng pahayag sa petisyon bago magsimulang sumulat. Marami lugar kung saan dapat mong ibigay ang patunay tungkol sa paggawi ng nasasakdal at ilarawan ang iyong mga dahilan sa pagsusumite ng kasong ito.

## Mga Paghatol o Pag-aresto (Seksyon 8)

Isasaalang-alang ng korte ang kriminal na kasaysayan ng nasasakdal na sangkot ang malulubhang krimen, karahasan sa tahanan, mga krimen na udyok ng poot, at mararahas na krimen. Kung alam mong inaresto o hinatulan ng gayong mga krimen ang nasasakdal, lagyan ng tsek ang naaangkop na mga/kahon at ilarawan.

## Karahasan at mga Pagbabanta (Seksyon 9)

Isasaalang-alang ng korte ang paggawi na naging sanhi ng iyong takot na ang nasasakdal ay naghaharap ng malaking panganib na magdulot ng personal na pinsala sa iba, o sa kaniyang sarili. Lagyan ng tsek ang bawat kahon na naaangkop at ilarawan nang eksakto kung anong nangyari. Isama ang mga detalye gaya ng mga petsa, lokasyon, pahayag, at mga injury. Maaari kang maglakip ng karagdagang pahina kung kailangan mo pa ng espasyong pagsusulatan.

## Paggawi ng Nasasakdal (Seksyon 10)

Isasaalang-alang ng korte ang anumang paggawi na naghaharap ng napipintong panganib ng pananakit sa sarili o sa iba. Ilarawan ang anumang sinabi o ginawa ng nasasakdal na naging sanhi ng takot mo sa naturang panganib.

## Ebidensya ng Pag-abuso sa Alak o Droga (Seksyon 11)

Ilarawan ang ebidensya ng pag-abuso ng nasasakdal sa alak, legal o ilegal na droga, kasama ang pagmamaneho sa ilalim ng impluwensya ng alak o droga.

## Iba pa (Seksyon 12)

Kung mayroon kang karagdagang impormasyon na makakatulong sa korte na gumawa ng desisyon, ilarawan ito dito. Kung mayroon kang karagdagang dokumento gaya ng mga rekord, ulat, naka-print na mga text message o iba pang social media, puwede mong ilakip ang mga ito sa petisyon.

Alerto: Dapat na isumite nang selyado ang anumang medikal na rekord

## Pagsisilbi (Seksyon 13)

Ang partidong nasasakdal ay may karapatang magsumite ng nakasulat na tugon sa iyong petisyon. Dapat kang magbigay ng address na pagsisilbihan para makakuha ng kopya ng anumang tugon. Puwede mong piliing maglista ng mailing at/o email address. May karapatan kang panatilihing kompidensyal ang address ng iyong tirahan. Puwede kang gumamit ng post office box o ang address ng isang kaibigan o kamag-anak na pinagkakatiwalaan mo upang sabihin sa iyo agad kung may natanggap kang anumang legal na papeles. Regular na tingnan kung may tugon.

## Pirmahan ang Form

Kapag natapos mo na ang petisyon, susumpa ka sa pagiging matapat ng iyong pahayag. Ilagay ang petsa kung kailan mo pinirmahan ang petisyon sa linya ng petsa at punan ang lungsod kung saan mo kinumpleto ang form na ito.

Pirmahan ang form. I-print ang iyong pangalan sa ibaba ng iyong pirma. Kung ikaw ay opisyal na tagapagpatupad ng batas, isama ang iyong badge/personnel number. Kung ikaw ay isang abogado, isama ang iyong Washington State Bar Association number.

## Tagapagpatupad ng Batas at Kompidensyal na Impormasyon – Extreme Risk Protection Order (Utos ng Proteksyon sa Matinding Panganib)

Dapat mong kumpletuhin ang form ng Tagapagpatupad ng Batas at Kompidensyal na Impormasyon, XR 105. Kompidensyal ang form na ito, at hindi ito mapupunta sa pampublikong file ng korte at hindi ito isisilbi sa nasasakdal.

- Ginagamit ito ng Tagapagpatupad ng Batas para hanapin at kilalanin ang nasasakdal kapag isinilbi ang mga dokumento.
- Ginagamit din ito ng Tagapagpatupad ng Batas kapag inilalagay ang utos sa pambuong estadong data base.

Kumpletuhin ang maraming impormasyon hangga't maaari, lalo na ang unang pangalan, inisyal ng panggitnang apelyido, apelyido, at petsa ng kapanganakan.

Kung may kapansanan ang nasasakdal, brain injury, o iba pang sakit, na nalalaman mo, maaaring may alam kang espesyal na tulong na puwedeng ibigay ng tagapagpatupad ng batas kapag inihain ang mga dokumento. Halimbawa:

> "Ang Tumutugon ay mayroong brain injury. Kapag minadali ang nasasakdal, maaari siyang manigas at maaaring hindi siya makatugon agad, o maaari siyang maging agresibo sa pananalita. Ipaalala sa nasasakdal na tumawag sa isang kaibigan."

> "Ang Nasasakdal ay may epilepsy at diabetes at maaaring mag-seizure kapag nai-stress. Hindi maganda ang nagiging tugon ng Nasasakdal kapag minamadali at kakailanganin niya ng oras para kumuha ng mga gamot at suplay."